PROGRAMANG GANTIMPALA PARA SA PAGTITIPID NG KURYENTE

Tulungan ang California na mapigilan ang mga pagkawala ng kuryente ngayong tag-init. Babayaran ang mga kalahok para sa pagbabawas ng paggamit ng enerhiya sa mga oras na mataas ang pangangailangan at kung may emerhensiya, na ang layunin ay ang pag-iwas sa mga salitan na pagkawala ng kuryente. Boluntaryo ang paglahok at walang mga multa para sa hindi pagbabawas ng enerhiya.

Mga iniaatas ng Programa

Upang magkwalipika para sa kredito sa bayarin, gumamit ng mas kaunting enerhiya kaysa sa karaniwan ninyong ginagamit sa panahon ng isang Kaganapang Gantimpala para sa Pagtitipid ng Kuryente.

Insentibo

$2.00

kada kWh (enerhiya)

Panahon bago ang notipikasyon

Isang-Araw bago ang kaganapan

Paglahok

Hindi maaaring lumahok ang mga kustomer sa ibang programang insentibo ng SDG&E kabilang ang AC Saver, Capacity Bidding o sa isang programa ng ikatlong partido.

Panganib

Walang multa kung hindi kayo nagbawas ng inyong paggamit ng enerhiya.

Online

sdge.com/powersaver

Telepono

(866)-291-9516

Panimula ng programa

Binibigyan ng Programang Gantimpala para sa Pagtitipid ng Kuryente ng gantimpala ang mga pang-residensiyal na kustomer upang boluntaryong bawasan ang kanilang pangkalahatang paggamit ng kuryente sa panahon na pinakamataas ang pangangailangan.

Mga pakinabang para sa inyo at sa inyong tahanan

Ang mga kalahok sa Programang Gantimpala para sa Pagtitipid ng Kuryente ay makakatanggap ng kredito sa bayarin na $2.00 kada kWh para sa pagbabawas sa paggamit ng enerhiya sa panahon ng Flex Alert o iba pang emerhensiya sa grid sa buong estado.

Sino ang karapat-dapat na lumahok?

Anumang pang-residensiyal na kustomer ng SDG&E sa kuryente na® may smart meter. Ang mga pang-residensiyal na kustomer ay hindi maaaring maging isang kalahok sa ibang programang insentibo ng SDG&E tulad ng AC Saver, Capacity Bidding o sa isang programa ng ikatlong partido. Sumangguni sa mga opisyal na tuntunin at kundisyon para sa higit pang detalye. Ang mga pang-residensiyal na kustomer na nakikilahok sa Community Choice Aggregation (CCA) o Direct Access (DA) ay karapat-dapat para sa programa.

Paano gumagana ang programa?

Sa panahon ng isang emerhensya sa grid, ang California Independent System Operator (CAISO) ay maaaring tumawag ng isang Flex Alert o ibang babala kaugnay ng grid. Kapag nangyari ito, tatawag ang SDG&E ng isang Kaganapang Programang Gantimpala para sa Pagtitipid ng Kuryente at ang mga notipikasyon at ipapadala Isang-Araw bago ang kaganapan.

Kontak

Para sa higit pang mga detalye o para magpatala sa Programang Gantimpala para sa Pagtitipid ng Kuryente, bumisita ***sdge.com/powersaver***.

© 2023 San Diego Gas & Electric Company. Ang mga tatak-kalakal ay pagmamay-ari ng kani-kanilang kinauukulang may-ari. Nakalaan ang lahat ng mga karapatan.

S2350012 TAG 0523